



LIVE WELL
SAN DIEGO



COUNTY NG SAN DIEGO MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI (BHS)

MGA SERBISYO NG MEDI-CAL PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

- ✓ Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip (MHP)
- ✓ Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS)
- ✓ Mga Plano sa Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal (Mga MCP)



Access at Crisis Line
888-724-7240



TALAN NG MGA NILALAMAN

| | |
|---|----------|
| Saan Magsisimula | 2 |
| Mga Uri ng Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Medi-Cal | 3 |
| Mga Espesyalidad na Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali | 4 |
| Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip (MHP) ng County | 4 |
| Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS) | 5 |
| Mga Hindi Espesyalidad na Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali | 6 |
| Pag-access sa Transportasyon | 7 |
| Alamin ang Iyong Mga Karapatan | 8 |
| Gabay sa Pakikipag-ugnayan | 9 |

SAAN MAGSISIMULA

Kung hindi mo alam kung saan magsisimula, o kailangan mo ng suporta sa mga oras na hindi pang-negosyo ng Plano o Provider, maaari kang tumawag o magpadala ng online chat sa **Access at Crisis Line (ACL)**.

Tinitiyak ng ACL na hindi ka kailanman mag-iisa, anuman ang oras, sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta **24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo** sa higit pa sa **200 wika**.

Nag-aalok ang ACL ng interbensyon sa krisis, mga referral ng mga serbisyo para sa paggamit ng substance at kalusugan ng isip, mga mapagkukunan ng komunidad, at iba pang serbisyong sumusuporta. Matuto pa tungkol sa mapagkukunan na ito sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code sa ibaba.

Walang “maling pintuan” upang simulan ang pag-access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Ang departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali (BHS) ng County ng San Diego at ang Mga Plano sa Pinapamahalaang Pangangalaga (Mga MCP) ng Medi-Cal ay nagtutulungan upang matiyak na mayroon kang access sa tamang pangangalaga, sa tamang lugar, sa tamang oras.

Tumawag sa (888) 724 - 7240



CRISIS LINE


7 Araw sa isang Linggo, 24 na Oras sa isang Araw



LIVE NA CHAT

Available ng Lunes-Biyernes
(4pm-10pm)
sa website ng ACL

Ang ACL ay isang lokal na 988 Network Partner.



MGA URI NG SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI NG MEDI-CAL

Para sa Mga Espesyalidad na Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali:

Ang mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay para sa mga indibidwal na may mga **malubha at matagalang isyu sa kalusugan ng pag-iisip o mga problema sa paggamit ng substance**. Kasama sa mga serbisyong ito ang mga komprehensibong plano sa paggamot, therapy, at pamamahala ng kaso.

- Pinamamahalaan ng County ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng isang network ng mga provider na maaari mong gamitin upang ma-access ang espesyalidad na pangangalaga para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip
- Maaaring ikonekta ka ng ACL sa naaangkop na mga espesyalidad na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip

Para sa Mga Hindi Espesyalidad na Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali:

Nakadiseno ang mga hindi espesyalidad na serbisyo para sa mga indibidwal na hindi nakakatugon sa mga pamantayan para sa espesyalidad na pangangalaga ngunit nangangailangan pa rin ng

suporta para sa bahagya hanggang katamtamang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.

- Makipag-ugnayan nang direkta sa iyong Planong Pangkalusugan sa Pinapamahalaang Pangangalaga (MCP) ng Medi-Cal para sa mga serbisyong ito
- Ang bawat planong pangkalusugan ay may isang network ng mga provider ng serbisyo na nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga hindi gaanong malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali.



TIP: Hindi sigurado kung anong mga serbisyo ang iyong kailangan? Kung may pag-aalinlangan, tumawag sa ACL para sa pinakaangkop na referral

MGA ESPESYALIDAD NA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

MGA ESPESYALIDAD NA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP (SMH) * SA PAMAMAGITAN NG MGA PROVIDER NG PLANO SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP (MHP) NG COUNTY:

- Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip
- Mga Serbisyo sa Suporta sa Mga Gamot
- Naka-target na Pamamahala ng Kaso
- Mga Serbisyo sa Interbensyon sa Krisis
- Mga Serbisyo sa Pag-stabilize ng Krisis
- Mga Serbisyo sa Paggamot sa Tirahan ng Nasa Hustong Gulang
- Mga Serbisyo sa Paggamot ng Krisis sa Tirahan
- Mga Intensive na Serbisyo sa Paggamot sa Araw
- Rehabilitasyon sa Araw
- Mga Serbisyo ng Psychiatric na Inpatient na Ospital
- Mga Serbisyo ng Pasilidad sa Psychiatric na Kalusugan
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer
- Mga Serbisyo sa Mobile na Krisis
- Bilang Karagdagan, ang mga benepisyaryong 21 taong gulang ay may access sa:
 - Mga Intensive na Serbisyo sa Bahay
 - Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga
 - Mga Therapeutic na Serbisyo sa Pag-uugali
 - Therapeutic na Foster Care

DIREKTORYO NG PROVIDER NG BHS



bit.ly/BHSProviders

HANDBOOK NG BENEPISYARYO AT MGA PAMILYA



bit.ly/BeneficiaryHandbook

**I-scan ang QR code o bisitahin ang bit.ly/BeneficiaryHandbook para sa mga kahulugan at paglalarawan ng serbisyo mula sa Handbook ng Benepisyaryo at Mga Pamilya ng Medi-Cal*

MGA ESPESYALIDAD NA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

MGA SERBISYO SA PROBLEMA SA PAGGAMIT NG SUBSTANCE (SUD) * SA PAMAMAGITAN NG DRUG MEDICAL ORGANIZED DELIVERY NG COUNTY MGA PROVIDER NG SYSTEM (DMC-ODS):

- Mga Serbisyo sa Maagang Interbensyon (para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang)
- Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot (para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang)
- Mga Serbisyo sa Paggamot sa Outpatient
- Mga Intensive na Outpatient na Serbisyo
- Mga Serbisyo sa Paggamot ng Problema sa Perinatal na Paggamit ng Substance sa Tirahan
- Programa sa Paggamot sa Narcotic
- Paggamot na May Suporta ng Gamot
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal
- Mga Serbisyo sa Mobile na Krisis

DIREKTORYO NG PROVIDER NG BHS



bit.ly/BHSProviders

HANDBOOK NG BENEPISYARYO AT MGA PAMILYA



bit.ly/BeneficiaryHandbook

**I-scan ang QR code o bisitahin ang [bit.ly /BeneficiaryHandbook](https://bit.ly/BeneficiaryHandbook) para sa mga kahulugan at paglalarawan ng serbisyo mula sa Handbook ng Benepisyaryo at Mga Pamilya ng Medi-Cal*

MGA HINDI ESPESYALIDAD NA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

MGA HINDI ESPESYALIDAD NA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP (NSMH) SA PAMAMAGITAN NG MGA PLANO SA PINAPAMAHALAANG PANGANGALAGA NG MEDI-CAL (MGA MCP):

Pagsusuri at Paggamot para sa Kalusugan ng Pag-iisip

- Pagsusuri at paggamot para sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang indibidwal, panggrupo at pampamilyang psychotherapy
- Sikolohikal at neuropsychological na pagsusuri, kapag klinikal na nabanggit na suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip

Mga Serbisyo sa Outpatient at Ongoing na Pagsubaybay

- Mga outpatient na serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay sa drug therapy
- Psychiatric na konsultasyon
- Outpatient na laboratoryo, gamot, supply, at supplement

Pang-emerhensiyang Pangangalaga at Pangangalaga sa Krisis

- Pangangalaga sa Mga Pang-emerhensiyang Departamento

Pagsusuri at Referral sa Paggamit ng Substance

- Gamot para sa Paggamot sa Pagkagumon (MAT) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, inpatient na ospital, mga ED, at iba pang medikal na sitwasyon, at
- Pagsusuri sa Paggamit ng Alak at Droga, Pagtatasa, Maikling Interbensyon, at Referral sa Paggamot (SABIRT) sa mga sitwasyon ng Pangunahing Pangangalaga



Ang Mga Plano sa Pinapamahalaang Pangangalaga (MCP) ng Medi-Cal ay sumasaklaw sa transportasyon sa lahat ng mga serbisyong sakop ng Medi-Cal kabilang ang Specialty Mental Health, Drug Medi-Cal Organized Delivery System at Denti-Cal. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa transportasyon o tungkol sa iba pang benepisyo, tulad ng Medi-Cal Rx, Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga, at Mga Suporta sa Komunidad, maaari kang tumawag nang direkta sa iyong MCP provider.

PAG-ACCESS SA TRANSPORTASYON

Ang mga serbisyo sa transportasyon ay magagamit lang sa at mula sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal, na kinabibilangan ng mga medikal na appointment para sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at problema sa paggamit ng substance, mga appointment sa ngipin, pagkuha ng mga reseta, at pagkuha ng mga medikal na supply at kagamitan.

Hindi Pang-emerhensiyang Medikal na Transportasyon (NEMT)

Ang NEMT ay para sa mga benepisyaryo na hindi maka-access ng regular na transportasyon dahil sa mga kadahilanang medikal. Kasama sa NEMT ang mga ambulansya, wheelchair van, o litter van at dapat na inireseta ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan

Hindi Medikal na Transportasyon (NMT)

Ang NMT ay para sa pagpunta sa at pagbalik mula sa mga appointment sa Medi-Cal gamit ang pampubliko o pribadong transportasyon. Magagamit ito sa lahat ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal na sakop ang lahat at mga buntis na kababaihan na walang ibang paraan upang makarating sa isang appointment at sinubukan na ang lahat ng iba pang pagpipilian. Maaaring kabilang sa mga dahilan para sa pangangailangan ng mga serbisyo ng NMT ang mga sumusunod:

- Walang lisensya sa pagmamaneho
- Walang gumaganang sasakyan
- Nangangailangan ng tulong sa paglalakbay
- Pisikal o mental na limitasyon
- Walang pera para sa gasolina



TIP: Upang matiyak ang pag-access sa transportasyon, makipag-ugnayansa isang provider sa lalong madaling panahon kapag ang appointment ay ginawa sa pamamagitan ng numero na nakalista sa Gabay sa Pakikipag-ugnayan sa pahina 9

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

MGA KARAINGAN AT APELA

Ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal ay may karapatang tumanggap ng mga serbisyong medikal na nangangailangan ng paggamot sa parehong Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip (o MHP, para sa pangunahing diagnosis ng isang kondisyon sa Kalusugan ng Pag-iisip) at Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS, para sa pangunahing diagnosis ng isang Problema sa Paggamit ng Substance).

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo at hindi nasiyahan o hindi sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa tungkol sa iyong paggamot, maaari kang maghain ng reklamo (kilala bilang isang karaingan) o isang apela sa pamamagitan ng aming webpage o sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong nakalista sa ibaba.

Ang paghahain ng karaingan, apela, o paghiling ng isang State Fair na Pagdinig ay hindi gagamitin laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong iyong natatanggap.

KARAINGAN
AT APELA
IMPORMASYON



bit.ly/BHSYourRights

Jewish Family Service

Mga Reklamo at Karaingan sa Patient
Advocacy Program

Inpatient at Residential

1-800-479-2233

Consumer Center for Health Education & Advocacy

Mga Reklamo at Karaingan sa
Patient Advocacy Program

Mga outpatient na serbisyo

1-877-734-3258

Kung tumatanggap ka ng mga espesyalidad na serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa anumang provider ng network ng MHP at/o DMC-ODS, mangyaring makipag-ugnay sa Opisina ng Pagsunod ng Ahensya (magagamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa kanilang webpage) kung nakaranas ka ng anumang isyu sa pagsunod, privacy, o seguridad ng impormasyon habang tumatanggap ng mga serbisyo mula sa aming mga provider.

GABAY SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

| | Blue Shield CA Promise Health Plan | Community Health Group | Kaiser Permanente | Molina Healthcare |
|---|--|---|-------------------|--|
| Mga Serbisyo/ Transportasyon para sa Miyembro | 1-855-699-5557 | 1-800-224-7766 | 1-800-464-400 | 1-888-665-4621 |
| Kalusugan ng Pag-uugali | 1-855-321-2211 | 1-800-404-3332 | 1-833-579-4848 | 1-888-665-4621 |
| Telepono Medical Advice Line | 1-800-609-4166 | 1-800-647-6966 | 1-800-290-5000 | 1-888-275-8750 |
| Mga Serbisyo sa Paningin | 1-855-699-5557 | Plano ng Serbisyo sa Paningin 800-877-71951 | 1-800-464-4000 | Mga Serbisyo sa Paningin ng March 1-888-463-4070 |
| Medi-Cal RX | 1-800-977-2273 | 1-800-977-2273 | 1-800-977-2273 | 1-800-977-2273 |
| Denti-Cal | 1-800-322-6384 | 1-800-322-6384 | 1-800-322-6384 | 1-800-322-6384 |

Ang mga benepisyo sa parmasya para sa lahat ng mga tatanggap ng Medi-Cal ay saklaw ng Medi-Cal Rx ng Estado. Programa: (800) 977-2273

**Mga Espesyalidad na Serbisyo
para sa Kalusugan ng Pag-
uugali ng County**
MHP at DMC-ODS
Tumawag sa Access at Crisis
Line na 1-888-724-7240

**Jewish Family Service Mga
Reklamo at Karaingan sa
Patient Advocacy Program/
Inpatient at Residential**
1-800-479-2233

**Consumer Center for Health
Education & Advocacy Mga
Reklamo at Karaingan sa Patient
Advocacy Program/ Mga
outpatient na serbisyo**
1-877-734-3258



PAALALA: Ang ACL ay may
available na mga serbisyo ng
interpretasyon ng wika